

Filippinsk

Iboto ang **SV para
sa mas magandang
bukas!**



Iboto ang SV para sa mas magandang bukas!

Ang isa sa mga pinakamagandang bagay tungkol sa Norway ay ang mababang antas ng hindi pagkakapantay-pantay ng ekonomiya sa pagitan ng mga tao. Pero nitong mga nakaraang taon, may nagbago. Lumaki ang hindi pagkakapantay-pantay. Ngayon lang nagkaroon ng napakaraming bilyonaryo sa Norway. Kasabay nito, ang buhay ay naging mas mahirap para sa karamihan ng mga tao.

Mas nagmahal na ang lahat ng bagay. Mas mahirap ngayon kaysa dati na mamuhay ng ordinaryo batay sa karaniwang kita.

Ang pinakaepektibong paraan na mayroon tayo para mabawasan ang hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan ay ang estado ng kapakanang panlipunan. Pero nanganganib ito ngayon. Hindi lang natin ito dapat protektahan – pero kailangan din nating palakas in at palawakin ito. Sisiguraduhin ng SV ang mga de-kalidad na serbisyo sa mga paaralan, kindergarten, at ospital para sa lahat, na may sapat na staff para magawa ang trabaho. Gusto naming dagdagan ang mga benepisyo ng bata, tiyaking makakapasok ang bawat bata sa kindergarten, at magarantiya ang libreng pangangalaga sa ngipin para sa lahat.

Malawakang sinisira ang kalikasan ng Norway. Kasabay nito, nahaharap tayo sa isang pandaigdigang krisis sa klima. Dapat manguna ang Norway at gawin ang tungkulin nito. Dapat nating ihinto ang pagbubukas ng mga bagong minahan ng langis at kumilos ngayon para protektahan ang mga trabaho, biodiversity, at access ng mga tao sa kalikasan.

Pumapanig ang SV sa mga apektado ng digmaan at kawalan ng hustisya. Nagsusumikap kami para madagdagan ang internasyonal na tulong, para suportahan ang mga taong tumatakas sa labanan, at kinokondena namin ang lahat ng pag-atake sa demokrasya – tulad ng mga nakita natin sa ilalim ni Donald Trump sa US. Hindi natin kailanman isusuko ang laban para sa isang malayang Palestine, at kami ay naninindigan kasama ng mga Ukrainian sa kanilang pakikibaka para sa kalayaan.

Sumasang-ayon ka ba? Iboto ang SV sa ika-8 ng Setyembre!

Sosialistisk Venstreparti
Møllergata 4, 0179 Oslo
21 93 33 00
post@sv.no
sv.no

Bli medlem i
SV her:

